Kung ikaw ay humiling ng isang pangunahing uri ng balota na hindi mo nararapat botohan, dapat kang gumot ng balotang questioned.

Kung nais mong bumoto para sa mga panukalang batas lamang at hindi para bumoto para sa alin mang mga kandidato, ikaw ay maaaring humiling ng balotang may mga panukalang batas.

Pagboto Para sa Hindi Makakarating

Maaga/ Personal/ Sa Mail/ Sa Fax/ Botanteng may Maselang Pangangailangan

Maraming pagpipiliang paraan ng pagboto para sa hindi makararating sa bawa't eleksyon. Maaaring bumotong absenting personal, sa mail, sa fax o bumoto ng balota para sa may maselang pangangailangan sa pamamagitan ng kinatawan.

Pagboto ng Maaga o Absenting Personal
Simula Augusto 9, 2010, maaring bumoto sa lugar ng botohang absentee. Mayroong mga balota para sa lahat na 40 distrito sa lahat ng pang rehiyong opisina. Karagdagan sa mga Pangrehiyong opisina ng Eleksyon, maraming ibang botohan sa buong Alaska na mayroong balota para sa kanilang house district. Para sa karagdagang impormasyon o para sa listahan ng lugar ng botohang absentee, bisitahin ang aming website o tumawag sa alin mang Pangrehiyong opisina ng Eleksyon.

Pagboto ng may Maselang Pangangailangan
Kung hindi kayo makakarating sa botohan dahil sa edad, malubhang karamdaman o kapansanan, ang inyong kinatawan ay maaaring kumuha at idala ang balota sa inyo sumula 15 araw bago ang eleksyon galing sa anumang botohang absentee, o sa Araw ng Eleksyon mula sa mga presinto. Maaaring kahit sino ang iyong kinatawan, maliban sa kandidato para sa posisyon sa elekyson na iyon, amo ng botante, ahente ng amo ng botante, o opisyal o ahente ng unyon.

Pagboto sa Pamamagitan ng Mail o Fax
Ang opisina ng Absentee ng Division ng Eleksyon sa Anchorage ang humahawak nang lahat ng aplikasyon ng balota para sa hindi makakarating sa pamamagitan ng mail at fax. Para bumoto sa pamamagitan ng mail o fax, kailangang mag-submit ng aplikasyon.

> Pagboto ng Absentee sa Pamamagitan ng Fax
> Ang pagboto sa pamamagitan ng fax ay dapat na pinakahuli mong alternativo para maihulog ang iyong balota. Puede kang mag-aplay para sa pagboto sa fax simula **Augusto 9, 2010 hanggang 5:00pm Alaska Time sa Augusto 23, 2010.** Maaring ibalik ang binotohang fax na balota sa pamamagitan ng mail o fax. **Kung ibabalik mo ang binotohan mong balota sa pamamagitan ng fax, dapat itong matanggap hindi lalampas ng alas-8 ng gabi Alaska Time sa Araw ng Eleksyon.** Kung ibabalik mo ang binotohan mong balota sa pamamagitan ng mail, dapat itong mai-postmark bago pa o sa Araw ng Elesyon.

Kung may mga tanong sa pagboto sa pamamagitan ng mail o fax, paki tawagan ang Opisina ng Absentee sa (907) 375-6400 o Walang bayad (877) 375-6508.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto ng absentee, tumawag sa kahit anong opisina ng Division ng Elections o bisitahin ang aming website sa:

www.elections.alaska.gov

Aplikasyon ng Balota Para sa Hindi Makakarating Para sa State ng Alaska

Ang aplikasyong ito ay DAPAT na matanggap HINDI LALAMPAS 10 ARAW bago mageleksyon – MAGAPLAY NG MAAGA

I-mail o I-fax ang Kinumpletong Balotang Absentee Sa:
Division of Elections
Absentee Voting Section
619 E. Ship Creek Ave. #329
Anchorage, Alaska 99501-1677
Phone: (907) 375-6400 - Fax: (907) 677-9943

1. Ipadala ang balota para sa: ☐ Lahat ng Eleksyon ☐ Primary (Augusto) ☐ General (Noviembre) ☐ REAA/CRSA (Octobre) ☐ Espesyal na Eleksyon
Para humiling na padalahan ng *Balotang pang Mail para sa Hindi Makakarating* para sa panlunsod/pambayan na eleksyon, dapat magaplay sa munisipio ng iyong lunsod/bayan.

2. Kailangang kumpletohin ang bahaging ito para makarehistro:
☐ Oo ☐ Hindi Ako ay citizen ng United States.
☐ Oo ☐ Hindi Ako ay may labing 18 gulang na o magiging 18 gulang sa loob ng 90 araw.
Huwag ng ituloy ang pagkompleto ng form na ito kung "Hindi" ang sagot sa kahit isang tanong.

3. Apelyido **First Name** **Middle Initial** **Suffix (Sr., Jr., Atbp.)**

4. Pangalan Dati Kang Nakarehistro:

5. *Voter Number sa Alaska:_____(Kung alam)

6. Kailangang ilagay ang address ng iyong bahay o tirahan – hindi puede ang PO Box, PSC, HC o RR address
ng Bahay Kalye Apt/Unit # Lunsod State **ALASKA**
Kung ang address na pinagpapadalahan sa iyo ng iyong mga mail ay KAKAIBA sa address ng iyong bahay o tirahan, at gusto mong manatiling konfidensyal ang address ng iyong bahay o tirahan, markahan itong sumusunod na box. ** Oo, paki panatilihing konfidensyal ang address ng aking bahay o tirahan.

7. Permananteng Mailing Address
_____
_____
_____
_____

8. *Pagkakakilanlan– Kailangang magbigay kahit ISA
SSN o Huling 4 ng SSN: _____/_____/_____
Driver's License sa Alaska :_____
State ID Card No. sa Alaska :_____
☐ Hindi pa ako nabibigyan ng kahit anong numero o card na nabanggit sa taas.

9. * Petsa ng Kapanganakan – Kailangang ibigay _____/_____/_____
Buwan Araw Taon

10. Kasarian ☐ Lalake ☐ Babae

11. Kinasasapiang Political – Para sa impormasyon na mapagpipiliang politikal na kinasasapian sa Alaska, tingnan ang intruksyon Bilang 7. Isulat ang kinasasapiang politikal dito:_____ (Ang balotang ipadadala sa inyo para sa primary eleksyon ay base sa iyong kinasasapiang politikal.)

12. Para sa Botanteng Militar at mga Nasa Labas ng Bansa LAMANG – Magmarka ng Isa
☐ Ako ay isang miyembro ng Nagseserbisyong Naka-uniporme o marinong kasalukuyang naninilbihan sa mga bapor na pangkalakal, o kanilang mga karapat dapat na asawa o anak.
☐ Ako ay U.S. citizen na pansamantalang naninirahan sa labas ng bansa.
Paano mo gustong ipadala sa iyo ang balota? – Mag check ng isa
☐ Mail – Ibigay ang address ng padadalahan ng balota sa box 14.
☐ Fax – Ibigay ang numero ng fax sa box 13.

13. *Para Makatawag sa iyo: (Ilagay ang buong numeron i-da-dial ng aming opisina.)
Numero ng Telepono pangaraw: _____
Numero ng Telepono panggabi: _____
E-Mail Address: _____
Numero ng Fax: Ilagay ang buong numerong i-da-dial ng aming opisina.

14. Mailing Adddress para sa Balota
☐ Markahan para ipadala ang iyong balota sa permanenteng mailing address na nakasulat sa itaas o magbigay ng ibang address na padadalahan ng inyong balota:
_____
_____
_____

15. *Pumili ng Balota para sa Primary Eleksyon. (Sa Agosto Lamang) Para mapadalahan ng balota, DAPAT pumili ng ISA. **Tingnan ang mga instruksyon para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng balota.**
☐ Balotang kasama ang mga kandidato ng Alaskan Independence, Democratic, Libertarian at (mga) Panukalang Batas
☐ Balotang kasama ang mga kandidato ng Alaska Republican at (mga) Panukalang Batas
☐ Balota ng (mga) Panukalang Batas LAMANG (walang mga kandidato)

16. ☐ **Para sa Militar at sa Mga Nasa Labas ng Bansa na mga Botante:** Markahan dito kung pumili ka sa ilalim ng Bilang 12 at gustong tumanggap ng mga balota sa dalawang kasunod na pangkaraniwang nakatakdang General Eleksyon.

17. ☐ **Espesyal na Paunang Balota:** Markahan dito kung ikaw ay titira, magtratrabaho, o maglalakbay sa labas ng U.S. o kung ikaw ay nasa isang liblib na lugar ng Alaska at nais mkatanggap ng Espesyal na Paunang Balota. Ang mga balota ay ihuhulog sa mail mula 60 araw bago eleksyon. Tingnan ang instruksyon bilang 9 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa espesyal na balotang ito.

18. Certifikasyon ng Botante. Basahin at Lagdaan: Ako ay sumusumpa o nagpapatunay, sa ilalim ng kaparuhasan ng perjury, na: Ang impormasyon na aking ipihayag dito ay totoo, wasto, at kumpleto sa aking buong kaalaman at ako ay karapat-dapat na bumoto sa aking hiniling na kinasasakupan. Hindi ako humiling ng balota sa ibang state, at hindi boboto sa iba pang paraan sa (mga) eleksyong ito. Pinatutunayan ko ring ako ay mamamayan ng Alaska at at hindi pa nahatulan ng felony, o kung nahatulan man ay napalaya na walang kondisyon sa pagkakakulong, probation at/o parole. Ako ay hindi rehistrado sa ibang state o gumawa na ako ng mga kinakailangang hakbang para mapawalang bisa ang pagkakarehistrong iyon. **BABALA: Kung ikaw ay magbibigay ng maling impormasyon sa aplikasyong ito ikaw ay maaring mahatulan ng felony at/o misdemeanor. (AS 15.56.040; AS 15.56.050)**

***Lagda** _____ **Petsa** _____

Tagapagparehistro/Ahensya/Opisyal – Icheck ang ID at kumpletohin ang bahaging ito
Pangalan ng Tagapagrehistro _____ Voter # o SSN_____

For Office Use Only
D/P_____ VN_____

*Ang mga ipinahayag sa aplikasyong ito ay pinanatiliing konfidensyal ng Division of Elections at hindi maaring suriin ng publiko maliban sa konfidensyal na bahay o tirahan na maaring ipaalam sa mga ahensiya ng gobyerno o habang nagproproseso ng eleksyon ayon sa batas ng state.

State ng Alaska
Pangunahing Halalan
Augusto 24, 2010

Opisyal na Balota ng Partido XXX

Mga instruksyon: Pag boto, punuang mabuti ang obal katabi ng kandidato o isyu na gusto mong iboto: ⬬

Senador ng United States
(bumoto ng isa)

◯ Kandidato para sa Senador ng US

Congressman ng United States
(bumoto ng isa)

◯ Kandidato para sa Congressman ng US

Gobernador
(bumoto ng isa)

◯ Kandidato para sa Gobernador

Teniente Gobernador
(bumoto ng isa)

◯ Kandidato sa pagka Teniente Gobernador

Pang State na Senador
(bumoto ng isa)

◯ Kandidato para sa Pang State na Senador

Kinatawang Pang State
(bumoto ng isa)

◯ Kandidato para sa Pang State na Kinatawan

Panukalang Batas Bilang No. 1
Inisyatibong Nagbabawal sa Paggamit ng Pampublikong Pondo para Mag-lobby o Mangampanya; at Nagbabawal sa mga Humahawak ng mga Pang-gobyernong Kontrata at mga Miyembro ng Pamilya na Magbigay ng Pampulitikal na Kontribusyon
07ANCO

Panukalang Batas Bilang No. 1 - 07ANCO

Ang panukalang ito ay magbabawal sa paggamit ng pampublikong pondo para sa pampulitikal na pangangampanya at pag-la-lobby ng state at mga lokal na ahensyang pang-gobyerno, at mga distrito ng mga pampublikong paaralan. Ang mga pampublikong pondo ay hindi puedeng gamitin para suportahan o tutulan kahit anong panukalang batas, mag-lobby para magpasa ng batas, o humiling ng pagpopondong pampubliko. Kahit anong entidad na nag-lobby o nangampanya ay hahadlangang tumanggap ng pampublikong pondo. Ito ay magbabawal sa pagbibigay ng pampulitikal na kontribusyon nang may mga hawak ng pang-gobyernong kontrata at miyembro ng kanilang pamilya. Ito ay magbabawal sa mga mambabatas at sa kanilang mga tauhan na maging empleyado nang may mga hawak ng pang-gobyernong kontrata nang dalawang taon pagkatapos umalis sa pagseserbisyo sa state. Ang panukala ay may kaparusahang kriminal at sibil.

Dapat bang maging batas ang inisyatibong ito?

◯ Oo ◯ Hindi

Halimbawang Balota

FRONT Card 2 SEQ# 1 Tagalog

Panukalang Batas Bilang No. 2
Ang paglalaglag ng menor de edad ay nangangailangan ng abiso sa o pahintulot ng magulang o tagabantay o utos ng korte na huwag nang magbigay ng abiso
09PIMA

Panukalang Batas Bilang No. 2 - 09PIMA

Ang panukalang ito ay babaguhin ang batas para kailanganin ang abiso ng magulang o tagabantay ng babaeng wala pang 18 taon bago magpalaglag. Sa kasalukuyan, ang babaeng wala pang 18 ay maaaring magpalaglag na walang abiso sa kanyang magulang o tagabantay. Kasama sa panukala ang detalyadong pangangailangan para sa abiso, kasama ang pagbibigay abiso ng doktor ng menor de edad hindi bababa ng 48 oras bago ang paglalaglag. Itong panahon ng paghihintay ay mababale-wala kung ang magulang o tagabantay ay nagbigay ng pahintulot.

Pinapayagan din ng panukala na pumunta sa korte ang menor de edad para pahintulutan ang paglalaglag na hindi magbibigay ng abiso sa kanyang magulang o tagabantay. Maaaring hilingin ng menor de edad sa korte na payagan siyang huwag pumasok sa eskwela para dumalo sa mga pandinig at para magpalaglag. Maaaring direktahan ng korte ang eskwela na huwag sabihin sa magulang ng menor de edad o kanyang tagabantay ng pagbubuntis, pagpapalaglag o hindi pagpasok sa eskwela ng menor de edad.

Pinapayagan ng panukala ang menor de edad na biktima ng abuso ng magulang o tagabantay na magpalaglag na walang abiso o pahintulot. Para maisagawa ito, ang menor de edad at isang nasa edad na kamag-anak o awtorisadong opisyal na may personal na kaalaman ng abuso ay dapat lumagda ng notaryadong pahayag tungkol sa abuso.

Sa panukalang ito, magiging felony para sa doktor na may buong kaalamang lumabag sa mga nakalaan sa makabatas na abiso para sa pagbibigay ng abiso sa magulang ng menor de edad ng kanyang intensyong magpalaglag. Itinakda ng panukala ang defensa ng doktor sa paglalaglag na hindi muna magbigay ng abiso o kumuha ng pahintulot kung ang menor de edad ay humaharap sa agarang panganib ng kamatayan o permanenteng pisikal na pinsala sa pagpapatuloy nang pagbubuntis.

Ang mag doktor na naglalaglag para sa isang menor de edad ay dapat mag sumite ng mga ulat.

Binabago ng panukalang ito ang batas na ipinasa ng lehislatura noong 1997 na nasa mga libro ngunit hindi ipinapatupad dahil sa desisyon ng Korte. Ang batas ng 1997 ay kilalang "Parental Consent Act." May mga pagbabagong ginawa ang panukalang ito sa batas ng 1997 para tukuyin ang mga pag-aalala sa desisyon ng Korte at hinahangad ang batas ay magawang, ayon sa pagbabago, maisapatupad.

Dapat bang maging batas ang inisyatibong ito?

◯ Oo ◯ Hindi

Halimbawang Balota

Panukalang Batas Bilang 1

Inisyatibong Nagbabawal sa Paggamit ng Pampublikong Pondo para Mag-lobby o Mangampanya; at Nagbabawal sa mga Humahawak ng mga Pang-gobyernong Kontrata at mga Miyembro ng Pamilya na Magbigay ng Pampulitikal na Kontribusyon

PANANALITA SA BALOTA

Panukalang Batas Bilang No. 1
Inisyatibong Nagbabawal sa Paggamit ng Pampublikong Pondo para Mag-lobby o Mangampanya; at Nagbabawal sa mga Humahawak ng mga Pang-gobyernong Kontrata at mga Miyembro ng Pamilya na Magbigay ng Pampulitikal na Kontribusyon
(07ANCO)

Ang panukalang ito ay magbabawal sa paggamit ng pampublikong pondo para sa pampulitikal na pangangampanya at pag-la-lobby ng state at mga lokal na ahensyang pang-gobyerno, at mga distrito ng mga pampublikong paaralan. Ang mga pampublikong pondo ay hindi puedeng gamitin para suportahan o tutulan kahit anong panukalang batas, mag-lobby para magpasa ng batas, o humiling ng pagpopondong pampubliko. Kahit anong entidad na nag-lobby o nangampanya ay hahadlangang tumanggap ng pampublikong pondo. Ito ay magbabawal sa pagbibigay ng pampulitikal na kontribusyon nang may mga hawak ng pang-gobyernong kontrata at miyembro ng kanilang pamilya. Ito ay magbabawal sa mga mambabatas at sa kanilang mga tauhan na maging empleyado nang may mga hawak ng pang-gobyernong kontrata nang dalawang taon pagkatapos umalis sa pagseserbisyo sa state. Ang panukala ay may kaparusahang kriminal at sibil.

Dapat bang maging batas ang inisyatibong ito?

◯ Oo ◯ Hindi

BUOD AYON SA AHENSYA NG PANG LEGISLATIBONG UGNAYAN

Ang Batas na ito ay nagbabawal na gamitin ang mga pinagkukunang pampubliko at pondo para sa pampulitikal na hangarin. Hindi nito pinahihintulutan ang paggamit ng pampublikong pondo para suportahan o kalabanin ang isang panukalang batas. Ang taong nagempleyeo ng isang dating legislador o tauhan ng legislador sa nagdaang dalawang taon ay hindi maaaring magkaroon ng pang gobyernong kontrata. Malawak ang pagbibigay kahulugan ng Batas sa “pang gobyernong kontrata”. Kasama dito ang kontrata ng ibang unyon ng manggagawa. Kasama dito ang kontrata ng katawang pampubliko na nakakakuha ng tulong na salapi mula sa state. May mga tiyak na opisyal na pampubliko o kandidato para sa posisyong pampubliko na hindi puedeng tumanggap ng kontribusyon mula sa may hawak ng pang gobyernong kontrata o kapamilya nito. Kinakailanganin ng Batas na ang state ay magdetalye ng lahat ng kontrata sa kanyang Website. Kasama sa Batas ang mga sibil at kriminal na parusa. May mga eksepsyon sa ibang mga probisyon ng Batas.

PAHAYAG NG HALAGA NG GASTUSIN

Sa pangangailangan ng AS 15.45.090(a)(4), ang Alaska Public Offices Commission ay naghanda ng sumusunod na pahayag ng halaga ng gastusin ng State kung ang batas na pinanukala sa Initiative 07ANCO ay aprobahan ng mga botante.

Itong inisyatibong ito ay nagbabawal nang paggamit ng pampublikong pondo sa pangangampanya at mga layuning pag-lo-lobby. Ang puersa ng inisyatibong ito ay mas malaki ang epekto sa mga gawain ng munisipyo na madalas naglalaan ng pondo para suportahan ang mga pampaaralang

mga bono at siyang kumukuha ng mga mag-lo-lobby. Hindi malinaw kung papayagan o hindi ang lahat ng empleyado ng state na makilahok sa procesong pang legislatibo bilang parte ng kanilang opisyal na tungkulin. Itong panukalang ito ay reresulta sa karagdagang gawaing pagpapatupad para sa Komisyon ng mga Pampublikong Opisina. Sa gayon, ang APOC ay kakailanganin ng isa pang investigador III, isa pang paralegal II at sekretarya. Karagdagang pondo ay kailangan para suportahan and mga bagong posisyon, pati mga kagamitan, suporta para sa mga computer na serbisyo, at mga kailangang serbisyo. Isang beses na pagbibigay ng pondo ay kailangan para mabigyan ng opisina, at mga istasyon ng pagtratrabahuhan, na may mga pangkaraniwang kagamitan, para sa mga bagong empleyado.

Ang Komisyon ng mga Pampublikong Opisina, Pang Administratibong Departamento, ay umaasang lahat ng pangkalahatang pondo ay kailangan para sa mga sumusunod:

Isang Beses na Gastusin: **$ 56.2**

Isang beses ng gastusin kasama ang opisina para sa tatlong empleyado kasama ang mga bahagi, trabaho, upuan, computer, istasyon na pagtratrabahuhan, filing kabinet, etc.

Gastusin para sa Personal na Serbisyo: **$ 229.0**

Gastusin para sa Tauang Pagpapatakbo: **$ 50.8**

Kabuuang Gastusin sa Unang Taon: **$ 336.0**

Kabuuang Patuloy na Gastusin: **$ 279.8**

Departamento ng Administrasyon
Departmento ng Transportasyon at Pampublikong Pasilidad

Ang mga opisyal na tagabili at tagatamo sa dalawang departamentong ito ay niripaso ang inisyatibo at nagpasya na ang pagpapatupad ng inisyatibo ay magpapataw ng makahulugang gastusin sa kanilang departamento para sa pagbuo at pagsulong ng sistema para magbigay ng impormasyong kailangan ng inisyatibo. Gayunman, base sa linguage ng inisyatibo, sa kasalukuyan hindi posibleng mahulaan ang mga halaga ng gastusin sa pagpapatupad nang may kasiguraduhan.

BUONG PANANALITA NG PANUKALANG BATAS

PANUKALANG BATAS NA LUMILIKHA NG KILOS LABAN SA KATIWALIAN SA ALASKA

NAWAY ITO AY MAISABATAS NG MAMAMAYAN NG STATE NG ALASKA:

Seksyon (1) Ang batas ng Alaska ay binago para lumikha ng bahagi na mababasa ayun sa mga sumusunod:

Ang mga pampublikong yaman sa anumang pinagmulan ay hindi para gamitin o tanggapin para isulong ang pampulitikal na agenda

(A) Walang pangangatawang pambubliko, pampublikong opisyal, taong nagtratrabaho para sa state, kahit anong pampulitikong sangay, kahit anong distrito ng paaralang pampubliko,

o kandito para sa pampublikong tanggapan, ang maaaring diretsahan man o hindi, na magutos, magpahintulot, tumanggap, ipasagawa, o isulong ang paggamit ng kita sa buwis o anumang pinagkukunang pampubliko para sa kampanya, pag-lo-lobby, o mga pang-lapiang hangarin, kasama ang pagbabayad ng honorarya o butaw na kahit ano sa kahit kaninong tao, liga, o samahan, diretsahan man o hindi, kasali sa pag-lo-lobby, mga kampanya, o pang-lapiang aktibidades. Walang kandidato, politikal na komite, o partidong politikal ay maaaring tumanggap ng kahit anong kontribusyon sa kahit anong state, ahensya ng state, pampulitikong sangay ng state, gobyerno ng ibang bansa, ahensyang federal, o pamahalaang federal. Ang paglabag sa seksyon na ito ay Class A misdemeanor.

(B) Sinomang tao na buong kaalamang gumastos o tumanggap ng mga pondo ay lumalabag sa seksyon na ito ay magbabayad ng buo para sa mas mahigit ng nagastos ng publiko o para sa kasalukuyang halaga sa pamilihan ng kahit anong nalustay na yaman. Ang ikalawa o kasunod na paglabag ng pambublikong opisyal o empleyeyado ay magiging sanhi na ang taong ito na hindi na maging karapat-dapat na maging opisyal o maging empleyado ng state o anumang ahensya nito sa loob ng sampung taon.

(C) Ang mga kasunduan sa seksyon na ito ay hindi nililimitahan ang mga pambublikong opisyal sa pagganap ng kanilang pang saligang batas na tungkulin, at hindi angkop ang mga sumusunod:

(1) Komunikasyon sa lahat at pagitan ng myembro at tauhan ng pambatasang pangatawanin;

(2) Komentaryo ng inihalal ng opisyal o komunikasyon nagmula sa inihalal na opisyal na nakatakda para sa kanyang manghahalal;

(3) Pagharap ng pampublikong opisyal o empleyado alinsunod sa particular na kahilingang humarap sa publiko para magbigay ng impormasyon;

(4) Komunikasyon sa pagitan ng inihalal o hinirang na pampublikong opisyal at isang mambabatas o tauhan ng mambabatas;

(5) Ang empleyadong pampubliko na kumikilos ayon sa pansariling kakayahan at hindi binabayaran, hindi dinidirektahan sa kahit anumang pamamaraan, at hindi nangangahulugang kumakatawan sa interes ng, pampublikong empleyado; at

(6) Ang awtorisadong empleyado ng opisina ng gobernador, ang Korte Suprema, o ang Departamento ng Revenue ng Alaska, kung sinong responsibilidad ay ang tantyahin ang epekto ng mga panukala na makakaapekto sa pangangasiwa ng pamahalaan.

(D) *Mga Kahulugan*. Mga ibig sabihin ng pananalita ayon sa gamit sa seksyon na ito:

(I) "Magdirecta, ipahintulot, tumanggap, magpasagawa, o magsulong nang paggamit ng kita sa buwis o anumang pampublikong yaman para sa pangangampanya, pag-lo-lobby, o mga pang-lapiang hangarin," kasama (i) ang paggamit ng pampublikong pondo o pautang, mga facilidad, karapatan na maabot, instrumento at kasangkapan, kagamitan, tatak para maimpluwensayhan ang kahit anong state, munisipyo, o eleksyon ng distrito ng papublikong paaralan; (ii) pagsasagawa, pamamalita, o pamamahagi ng mga pag-a-aral, mga siyasat, mga

pagsusuri, mga paglalarawan, o iba pang komunikasyon ng gumagamit ng mga pampublikong yaman sa paraan partikular na kinalkula para magsimula ng suporta ng, o oposisyon sa, panukalang batas o mga tanong sa balota; at (iii) pagkakaroon ng kahit anong pampublikong gastusin pang administrativo o mga gawaing para ilaan o iatas ang bahagi ng sahod ng pampulikong empleyado sa mga katawanin na kasali sa actividades ng pag-lo-lobby, bukod sa mga organisasyon na pang kawanggawa karapat-dapat na hindi kasali sa pagbabayad ng buwis galing sa kitang federal sa ilalim ng Section 501(c)(3) ng Inteorganizationrnal Revenue Code, o kaukulang seksyon ng kahit anumang magiging panibagong alituntunin ng pagbubuwis.

(2) "Kampanya," kasama ang (i) mga komunikasyon o gastos kaugnay sa pagtatamo ng posisyon ng pampubliko, maaring inihalal o hinirang sa tungkulin; (ii) lahat ng gawaing pag-lo-lobby; o (iii) mga binayarang pagsisikap sa kabuuan o bahagi lamang galing sa pampublikong kita o yaman para iugma o akitin ang mga myembro ng publiko o anumang bahagi nito para diretsohang influensyahan ang legislatibong gawain sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga myembro ng katawaning legislativo, pagsuporta o pagkalaban sa legislatibo, o pagsuporta o pagkalaban sa solitasyon ng petisyon o tanong sa balota.

(3) "Pag-lo-lobby," ang ibig sabihin ay pagsubok na diretsahang impluwensyahan ang gawaing pang legislativo sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga myembro o empleyado ng katawaning pang legislativo, o kahit kaninong opisyal ng pamahalaan o empleyado na kasapi sa pagbuo ng legislativo.

(4) "Tao," kasama kahit sinong indibidwal, katawaning pangkalakal, katawaning pampamahalaan, organisasyon, komite, partidong pampolitikal, pondo sa kampanya, at samahan.

(5) "Pampublikong opisyal o mga taong nasa kanyang empleyo," kasama kahit sinong tao na hinalal, hinirang, o empleyado nitong state na ito, o kahit anumang politikal na subdivision o distritong pampaaralan nitong state, kasama ang mga nagsasariling kontratista o mga konsultant na inupahan ng state, politikal na subdivision, o distrito ng pampublikong paaralan nitong state.

(E) Itong seksyon na ito ay sumsaklaw sa State ng Alaska, ating patakaran at pangkalahatang batas munisipyo, at state, pansarili at mga distrito ng pampublikong paaralan ng munisipyo, at State, mga opisyal ng munisipyo at distrito ng pampublikong paaralan, mga ahente, at empleyado.

Section (2) <u>Ang mga batas ng Alaska ay binago para lumikha ng seksyon na mababasa ayon sa sumusunod:</u>

<u>Mga pagbabawal para mabawasan ang katiwalian na kaugnay sa ilang kontratang pampubliko.</u>

(A) Walang sinuman ang puedeng makipagkontrata sa gobyerno kung itong taong ito ay empleyado din, umuupa, o nagbabayad para sa serbisyo ng dati o kasalukuyang mambabatas o tauhan ng mambabatas na wala pang dalawang taong naalis sa posisyon. Sinomang taong sa buong kaalaman ay lumabag sa prohibisyong ito ay may salang class A misdemeanor at siya ay, karagdagan sa ibang parusa, ay mapapawalang bisa ang kanyang karapatan sa pangongontrata sa kahit anong bayad o mabawi ang kabayaran, at mag-uuli sa state ng halaga ng mga pondong

naipon sa panahon ng paglabag. Itong sub seksyon ay hindi angkop sa matapat na posisyon, negosyo, trabaho, o propesyon kung saan ang taong kasali o nakakuha ng certifikasyon sa loob ng isang taon bago maging mambabatas o tauhan ng mambabatas.

(B) Simula sa petsa na matamo ang kontrata sa gobyerno at pinalawig hanggang dalawang taon sumunod matapos ang kontrata, walang sino mang may hawak ng pampublikong posisyon na may pinakamataas na responsibilidad ang makakatamo ng kontrata, walang kandidato para sa posisyong iyon, at walang taong kumikilos sa ngalan ng kahit sino sa kanila ay sa buong kaalaman ay mag solicit, tumanggap, o magdirecta ng kontribusyon mula sa may hawak ng kontrata ng gobyerno o isang malapit na kapamilya nito. Walang kandidato o ibang tao na sa buong kaalalman ay tumanggap o magbigay ng kontribusyon na sinolicit o dinerecta sa paglabag ng sub seksyon na ito. Ang taong buong kaalaman na lumabag sa prohibisyon ito ay may sala ng class A misdemeanor at siya ay, sa karagdagan sa ibang parusa, magsasa-uli ng buo sa nagdonasyon at magbabayad din nang ganung halaga sa state. Kung ang tao ay dati nang nahatulan sa paglabag sa prohibisyong ito, ang tao ay hindi na puedeng humawak ng posisyong pampubliko at magka trabaho sa state o kahit anong politkal na mga subdivision nang dalawang taon.

(C) Kahit sinong taong pumasok sa walang tawad na kontrata sa gobyerno na iginawad ng State o alin man sa mga subdivision ay isasa alang-alang humahawak ng kontrata ng gobyerno at sasang ayōn sa kontrata na tumigil sa paggawa, pag-udyok, o pag solicit ng mga kontribusyon o pansariling mga gastusin, direkta o indirekta, sa pamamagitan ng kahit anong opisina, empleyado, of malapit na kamag-anak ng kahit sinong opisyal o empleyado, tindero, o ahente, para sa benipisyo ng kahit sinong kandidato para sa kahit anong hinalal ng posisyon ng state o kahit anong politikal na subdivision, o sa taong may intensyon na magbigay ng kontribusyon sa loob ng state o kahit anong politikal na subdivision, para sa katagalan ng kontrata at dalawang taong pagkatapos noon. Ang kasunduan sa kontrata ay magdudulot ng kahit anong paglabag ng probisyon na ito ng humahawak ng kontrata ng gobyerno ay, karagdagan sa mga ibang legal na consecuencia, hahantong sa pag-ilit ng karapatan sa kontrata hangang sa pagbabayad ayon sa kontrata, at sa pagsasauli sa state ng halagang hindi bababa sa doble ng kontribusyon. Kahit sinong tao na sa buong kaalaman ay lumalabag sa prohibisyong ito, o tumatanggap ng kontribusyon sa ngalan ng kandidato o ibang katawanin sa paglabag ng prohibisyong ito, ay mag-uuli sa state ng halagang hindi bababa sa doble ng kontribusyon. Kung ang ingat-yaman nang kahit anong katawaning may kaugnayan sa kasunduang iyon ay napagalaman na ang kontribusyon ay ginawa o tinanggap sa paglabag nito ng katawanin, kung gayun ang pananagutan para sa paglabag ay igagawad din sa ingat yaman maliban kung ipaalam ng ingat yaman sa State ng Alaska nang paglabag sa sulat sa loob ng tatlong araw ng pangangalakal na napagalaman ang yaong kontribusyon. Kung ang tao ay dati nang pinawalang karapatang humawak ng pampublikong posisyon, kahit anong kontrata, o trabaho sa loob ng state o kahit anong mga politikal na subdivision nito sa loob ng tatlong taon. Puedeng pansamantalang isuspende ng gobernador ang kahit anong pagbabawal sa ilalim ng Sub seksyon (C) habang may idineklara na panlalawigang kagipitan.

(D) Ang paglabag sa Sub seksyon (C) ay maaring itatag at ipatupad sa pamamagitan ng pag pa-file ng aksyon sa Korte Suprema ng Alaska. Ang aksyon na ito ay maaaring panimulan ng State, kahit anong munisipyo o distrito ng pampublikong paaralan, kahit anong pribadong grupo o katawanin, o kahit sinong miembro ng publiko. Kung ang aksyon para itatag at ipatupad ang mga prohibisyon ng Sub seksyon(C) ay na-i-file ng taong nasa humaliling privadong capacidad lamang, o kahit anong hindi pang gobyernong grupo o katawanin, ang habol ay maaring isakdal ng tao o katawaning nagpapanimula ng aksyon. Kahit sinong tao, pamahalaan, grupo o katawanin

na nagpanimula ng aksyon alinsunod sa sub seksyon ay magiging imyun sa kahit anong habol o habla dahil sa aksyong yaon.

(E) Mga Kahulugan. Mga ibig sabihin ng pananalita ayon sa gamit sa seksyon na ito:

(1) "Kontribusyon," ibig sabihin ay pagbili, pagbabayad, pangako o obligasyon na magbayad, pautang o pananagot sa pautang, deposito o regalong pera, mga gamit o paninda, o serbisyo na karaniwang may singil at ginagawa para sa layuning ma-influensyahan ang pagmumungkahi, eleksyon, o pagpili ng kandidato para sa pampublikong posisyon, kahit inihalal man o hinirang, o sa layunin na influensyahan ang initiativo, panukalang batas, o tanong, kasama ang bayad sa isa pang tao na ang layunin ng taong iyon ay ma-influensayahan and pagmumungkahi, eleksyon, o pagpili ng kandidato para sa pampublikong posisyon, kahit inihalal o hinirang man, o para sa layunin ng pag-influensya ng initiativo, panukalang batas, o tanong. "Kontribusyon" ay hindi kasama and pansariling serbisyong isinagawa na walang kabayaran o mga indibidwall na kusang nagbigay ng kanilang oras lahat o bahagi man para sa layuning ito.

(2) "Kontratang Pang gobyerno," kasama ang kahit anong kontratang iginawad ng ahensya o departamento nitong state o kahit anong katawang pampublikong tumatanggap ng salaping tulong galing sa state o awtorisadong mag pataw ng buwis, para sa pagbili ng gamit o serbisyo para sa mga halagang higit sa limang daang dolyar, itnakda para sa pagtaas ng presyo ayon sa Consumer Price Index pagkatapos ng taong 2010. Ang kontrata para sa serbisyo kasama ang mga kasunduan sa collective barganing sa mga labor organization pinangangatawanan ang mga empleyado pero hindi ang mga kontrata ng pagka empleyo sa indibidwal na empleyado;

(3) "Humahawak ng kontrata pang gobyerno," kasama ang kahit sinong partido sa kontrata, kasama ang mga kasosyo, may-ari ng interes limang porsyento o mahigit, opisyal, mga tagapamahala o katiwala ng sinong tao na kabilang sa partido sa kontrata, o, sa caso ng kasunduan sa collective bargaining, ang labor organization at kahit sinong komiteng politikal na nilikha o kontrolado ng labor organization;

(4) "May hawak ng pampublikong posisyon na may pinakamataas na responsibilidad para maggawad ng kontrata," ibig sabihin ay kahit sinong inihalal ng opisyal ng puedeng maggawad ng kontrato o hinirang ng opisyal ng puedeng maggawad ng kontrata, o kahit sinong inihalal na opisyal ng katawang pampubliko kung saan ang kontrata ay ginawad ng katawang publikong yaon;

(5) "Malapit na myembro ng pamilya," kasama ang kahit sinong asawa, anak, anak ng asawa, manugang, magulang, kapatid, lola at lolo, apo, kapatid sa ama o ina, kinakapatid, ikalawang ina o ama, biyanan, bayaw, hipag, tiya, tiyo, pamangkin, tagabantay, o ka live-in;

(6) "Walang-alok na kontrata pang gobyerno," kasama lahat ng kontratang pang gobyerno na hindi gumagamit ng bukas, walang nakakakitang labanang alukang proceso para makakuha ng mga gamit para sa gobyerno. Ang mga kasunduang collective bargaining ay kasali sa walang-alok ng kontrata pang gobyerno kung ang kontratang ibinigay ay exclusivong kumakatawang katayuan para ma-obliga ang lahat ng empleyado na tanggapin ang mga tuntunin at kondisyon ng kontrata;

(7) "Tao," kasama kahit sinong indibidwal, katawanin ng negosyo, katawanin na pang gobyerno, organisasyon, komite, partidong politikal, pondo sa kampanya, at samahan.

(F) Itong seksyon na ito ay sumsaklaw sa State ng Alaska, ating patakaran at pangkalahatang batas munisipyo, at state, pansarili at mga distrito ng pampublikong paaralan ng munisipyo, at State, mga opisyal ng munisipyo at distrito ng pampublikong paaralan, mga ahente, at empleyado.

(G) Wala sa seksyong ito na makaka-apekto ng karapatan ng State na magsuspende, pagbawalan, o kung hindi man ay parusahan o gantimpalaan ang mga kontratista ng gobyernong awtorisado ng Title 36 ng Batas ng Alaska at kapahintulutan at mga regulasyon na ipinapatupad.

(H) Ang State ng Alaska ay kaagad na ipapaalam sa publiko ang buod ng kontrata sa isang puedeng hanapang website na mapupuntahan sa lugar na madaling makita sa kanilang opisyal na website. Kahit sinong humahawak ng kontrata pang gobyerno ay kaagad na gumawa at ihatid sa State ng Alaska isang totoo at tamang "Government Contract Summary", sa digital na forma ayon sa inaatas ng State, na:

(1) kilalanin ang mga pangalan at tirahan ng mga humahawak at lahat ng ibang partido sa kontratang pang gobyerno,
(2) sa maigsing salita ilarawan ang katangian ng kontrata, isama kung ang kontrata ay iginawad base sa pamamaraang labanang-alukan o kung ang kontrata ay iginawad ng walang-alok, at ang mga gamit na kasali o serbisyong ginawa,
(3) ipaalam ang tantyang tagal at tapos ng kontrata,
(4) ipaalam ang tantyang halaga ng kontrata, at nakalaang pagkukunan ng bayad, at,
(5) ipaalam ang ibang kaugnay ng impormasyon sa kontrata ayon sa tiyak ng kailangan ng State ng Alaska, kasama ang mga kopya ng exactong salita ng lahat ng dokumento ng kontrata, sa hanganan na ang pagpapaalam ay hindi lalabag sa federal o ibang batas ng state.

Seksyon (3) Hindi Pagka-angkop ng Batas na Walang Masyadong Proteksyon

Kung ang prohibisyon ng Batas ng Alaska o ng Administrative code ng Alaska ay sumasalungat sa Kautusang ito at hindi masyadong mahigpit o hindi masyadong nagbibigay ng proteksyon ng interes ng publiko kaysa sa Kautusang ito, gayun ang Kautusang ito ang masusunod.

Seksyon (4) Kayang putulin o ihiwalay

Ang mg prohibisyon ng Kautusang ito ay walang kasaklaw at maaring putulin o ihiwalay, at kung may prohibisyon itong Kautusan, o ang pagka-angkop ng kahit anong prohibisyon sa kahit anong tao o pangyayari, ay makikitang walang bisa, ang natitira sa kautusang ito ay hindi maaapektuhan at mabibigyang bunga sa kapuspusang maisasagawa.

Panukalang Batas Bilang 1

Inisyatibong Nagbabawal sa Paggamit ng Pampublikong Pondo para Mag-lobby o Mangampanya; at Nagbabawal sa mga Humahawak ng mga Pang-gobyernong Kontrata at mga Miyembro ng Pamilya na Magbigay ng Pampulitikal na Kontribusyon

PAHAYAG NG PAGSUPORTA

Ang katotohanan sa bagay ay ito; ang pamahalaan sa lahat ng antas ay dapat paliitin para tayo ay magkaroon nang matutustusan at malusog na pang ekonomiyang hinaharap. Walang isang tao, patakaran o politiko sa state na ito na may magagawa para pigilan ang paglaki ng pamahalaan mahigit pa sa pagboto ng oo sa panukala 1. Tayong mga tao ang siya lang walang dapat ipag-alala para maihalal sa isang taon; sa gayon, nasa sa atin na gumawa ng sama-samang desisyon para mapataw ang disiplina sa proceso.

Ang botong Oo sa Panukala ay may magagawang tatlong bagay.

Una, ang pagpasa ng panukala 1 ay dapat magsulong ng bukas na pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapakailangan ng maaaring hanapan na online database ng mga pang gobyernong kontrata.

Ikalawa, hinahadlangan nito ang mga tumatanggap ng iisang pinanggagalingan at mga WALANG-alok na kontrata kasama ang mga unyon sa pagbibigay ng pampulitikal na kontribusyon, itong kabihasanang ito ay karaniwang tinutukoy na bayad para makalaro. HINDI nito binabawalan ang mga miyembro ng unyon o mga empleyado para magbigay ng mga kontribusyon. Mga ka-miyembro ng pamilya ay HINDI hinahadlangang magbigay ng kontribusyon sila lang ay hinahadlangan na GAMITING DAAN sa pagbibigay ng kontribusyon. HINDI nito hinahadlangan ang malayang pamamahayag. Ang nakararaming nakaupong legislador ay nakatanggap nang mas mahigit na kontribusyong pangkampanya na nakatali sa iisang pinanggagalingang kontratang pang gobyerno kaysa sa mga legislador na nahatulan sa iskandalong VECO natanggap mula kay Bill Allen. Ang pagpapahintulot sa may hawak ng kontrata na magbigay tulong na pananalapi sa kampanya ng mga opisyal na nakikipag-ayos at nag-a-aproba ng mga kontrata ay sadyang nakakapagpakurakot. Ang ganyang patakaran ay umaabot sa pagkakaroon ng paborito kapalit ng suhol, at iskandalo kung ang mga perang binuwis ng mga mamamayan ay pinag papasa-pasahan. Ang pagpasa ng Panukala 1 ay maglilikha ng totoong ga-braso ang layong relasyon sa pagitan ng may mga hawak ng pang gobyernong kontrata at mga opisyal na nag a-aproba ng kanilang mga kontrata.

Ang huling bagay na pipigilan ng panukala 1 ay ang pagpopondong pampubliko ng pag-lo-lobby. Ang pag-lo-lobbing pinondohan ng pampublikong salapi ay naging milyon-milyong dolyares na industriya sa Alaska, nang nakaraang taon lamang ang state ay gumastos ng labis sa $4 na milyong dolyares na nag-lo-lobby pang sarili para sa karagdagang pananalapi. Hindi kasama sa halagang ito ang mga organisasyong pangkalakalan na nagpapanatili ng milyon-milyong dolyares na budget mula sa state at lokal na mga pamahalaan para mag-lobby din. Isa sa pinaka madalas na abuso ng pampublikong pondo sa ilalim ng kategoryang pag-lo-lobby ay ang pagkabihasa na gamitin ang pampublikong dolyares para sumuporta o sumalungat sa panukalang batas at bono. Paano kakalabanin ng kahit sinong nasa magkabilang panig sa bono o panukalang batas ang walang hanggang lalim ng pang gobyernong pampatalastas na dolyares? Ito ay pag-a-alis ng karapatan sa pangkalahatang publiko at ang gobyerno ay ginagawang pang ekonomiyang makina para sa mga pansariling hangarin. Mayroong isang mahalagang eksepsyon sa pagpipigil ng paggamit ng pampublikong pondo sa pag-lo-lobby. Iyang eksepsyon ay nakalarawan sa 1(c). Itong seksyon na ito maliwanag na inilalarawan na ang inisyatibo ay HINDI nililimitahan ang mga pampublikong opisyal (katulad ng mayor) na makipag komunikasyon sa ibang opisyal pampubliko katulad ng mga legislador. Itong seksyon na ito ay HINDI rin angkop sa pang-federal na pag-lo-lobby.

Kasalukuyan may 9 na mga state na may katulad na batas, ang bawat isa ay kumikilala sa pangkukurakot na impluensya sa gitna ng walang-alok/iisang pinanggagalingang kontratang pang gobyerno at pangangampanyang mga kontribusyon. Ito ay napakahalagang isyu na dapat magtuon ng pansin sa nilalaman ng inisyatibo at hindi ang koleksyon ng mga paglilihis ng atensyon dinisenyo para manlibang at manlinlang.

Jason Cline, Spokesperson
Clean Team Alaska

Glenn Michael Prax

Ang pahayag na nakasulat sa pahinang ito ay opinyon ng may (mga) akda at inilahad ayon sa sinumite ng Division ng Eleksyon.

Panukalang Batas Bilang 1

Inisyatibong Nagbabawal sa Paggamit ng Pampublikong Pondo para Mag-lobby o Mangampanya; at Nagbabawal sa mga Humahawak ng mga Pang-gobyernong Kontrata at mga Miyembro ng Pamilya na Magbigay ng Pampulitikal na Kontribusyon

PAHAYAG NG PAGSALUNGAT

Ang isinaad na hangarin ng Panukalang Batas #1 ay wakasan ang pampublikong pagpopondo sa pag-lo-lobby, na maaaring nakaka-akit sa pandinig. Ngunit ito ay nakakalinlang na pagsubok na **pigilan ang pampulitikal na pakikilahok** sa ngalan ng bukas na pamahalaan. Itong mga pagpipigil na ito ay sumosobra na, nililimitahan ang mga indibidwal na kasali sa mga pang gobyernong pangongontrata kasama ang kanilang mga **'malapit na kapamilya', na kasali ang mga biyenan, hipag, bayaw, manugang, ikalawang magulang, kapatid, anak, mga pamangkin, ang ilan sa mga iba.**

Ang inisyatibong ito ay nakatuon sa mga kabihasnan ng mga pang gobyernong pangongontrata. Ang mga nagpanukala ay nagsasabing tatapusin ang" **bayad-para-makalaro**," na kung saan ang mga may hawak ng pang gobyernong kontrata ay nakikipagpalit ng kontribusyong pangkampanya para sa karagdagang mga kontratang pang gobyerno. Walang totoong ebidensya na ito ay problema, pero kahit nga, ang kautusan ng pag umamot at pagbili ng state ay nagdidikta na ang lahat ng mga kontrata mahigit sa halagang $5,000 ay dapat pataasan o pababaang i-alok. Ang mga lokal na kautusan ay kapareho. Ang "walang-alok" na kontrata na binanggit ng mga nagpanukala ay, sa malaking bahagi, maliliit na kontratang halagang mababa sa $5,000 para sa katulad ng pag-pa-pakain sa mga meeting.

Ang mga nagpanukala ay bukas na tinatanggap na ang inisyatibo ay may kamalian, ngunit hinihiling ang mga botante ng Alaska na "pabayaan ang mga korte na lutasin ito." Bigyan ang haba at kasalimuutan ng inisyatibo gayun din ang mga puntos na hindi kaagad maiayon sa patakaran o hindi ayon sa pangkaraniwang sitwasyon na ang epekto ay hindi malinaw, inuudyok namin ang mga Alaskan na BUMOTO ng HINDI.

Ito ang ilan pang karagdagang dahilan para bumoto ng hindi:

- Ang mga komunidad ay pagbabawalang singilin ang nagastos sa mga biyahe ng lokal na opisyal na bumibiyahe pa Juneau o pa Washington D.C., para makipagusap sa mga mambabatas tungkol sa mga lokal na pangangailangan o magsalita sa mga opisyal ng Kagawaran ng Enerhiya o Kagawaran ng Interyor, halimbawa. Ang mga malalaking korporasyon ay hindi haharap sa ganitong mga pagbabawal dahil ang karamihan ay hindi tumatanggap ng pampublikong pera. **Paano ang pagpayag na eksklusibo sa mga korporasyon para makapunta sa pasilyo ng Juneau ay pagseserbisyo sa mga Alaskan?**
- Ang mga pagpipigil na angkop sa mga negosyo ay i-a-angkop din sa mga nag boluntaryo o mga board ng mga walang-tubong negosyo na nakakakuha ng pang munisipiyo o pang state na suporta. Itong mga gawad ay, sa likas na buod, "kontrata," ay bumabagsak sa ilalim ng kaparehong prohibisyon nang pangongontrata sa inisyatibo na angkop sa mga negosyo.
- Panukalang Batas #1 ay hindi maka konstitusyonal. Ang Attorney General ng Alaska ay nag-isyu na ng opinyon na madami sa mga prohibisyon ay hindi papasa sa pang konstitusyonal na pag-iipon. Kung ito ay pumasa, **ang state ay mapupuwersang idepensa ito sa korte, ang gastusin ipapataw sa mga nagbubuwis na mga mamamayan.** Isang katulad na inisyatibo sa Colorado ay nautos na hindi makakonstitusyunal.

Tinatawag ito ng ating mga kalaban na "Malinis at Bukas na Pamahalaan." Tinatawag namin itong katawa-tawa. Maraming mga asosasyon sa buong state na kumakatawan sa edukasyon, bisnes, gobyerno, mga unyon, pampulitikal na mga organisasyon, pangkalusugang pangangalaga, pagseserbisyo sa publiko at mga matatanda na lumagda para salungatin ang Panukalang Batas #1 dahil ito ay masama para sa ating lahat.

Pakibasa lahat ng 1,967 na salita ng Panukala #1 sa ibaba at itanong sa sarili kung naiintindihan mo ang lahat ng mga malamang na magiging epekto. Napakagulo nito. **Paki boto ng HINDI sa Panukala #1.**

Kathleen S. Wasserman
Executive Director, Alaska Municipal League

Rosemary Hagevig
President, AARP Alaska

Ang pahayag na nakasulat sa pahinang ito ay opinyon ng may (mga) akda at inilahad ayon sa sinumite ng Division ng Eleksyon.

Panukalang Batas Bilang 2

Ang paglalaglag ng menor de edad ay nangangailangan ng abiso sa o pahintulot ng magulang o tagabantay o utos ng korte na huwag nang magbigay ng abiso

PANANALITA SA BALOTA

Panukalang Batas Bilang No. 2
Ang paglalaglag ng menor de edad ay nangangailangan ng abiso sa o pahintulot ng magulang o tagabantay o utos ng korte na huwag nang magbigay ng abiso
(09PIMA)

Ang panukalang ito ay babaguhin ang batas para kailanganin ang abiso ng magulang o tagabantay ng babaeng wala pang 18 taon bago magpalaglag. Sa kasalukuyan, ang babaeng wala pang 18 ay maaaring magpalaglag na walang abiso sa kanyang magulang o tagabantay. Kasama sa panukala ang detalyadong pangangailangan para sa abiso, kasama ang pagbibigay abiso ng doktor ng menor de edad hindi bababa ng 48 oras bago ang paglalaglag. Itong panahon ng paghihintay ay mababale-wala kung ang magulang o tagabantay ay nagbigay ng pahintulot.

Pinapayagan din ng panukala na pumunta sa korte ang menor de edad para pahintulutan ang paglalaglag na hindi magbibigay ng abiso sa kanyang magulang o tagabantay. Maaaring hilingin ng menor de edad sa korte na payagan siyang huwag pumasok sa eskwela para dumalo sa mga pandinig at para magpalaglag. Maaaring direktahan ng korte ang eskwela na huwag sabihin sa magulang ng menor de edad o kanyang tagabantay ng pagbubuntis, pagpapalaglag o hindi pagpasok sa eskwela ng menor de edad.

Pinapayagan ng panukala ang menor de edad na biktima ng abuso ng magulang o tagabantay na magpalaglag na walang abiso o pahintulot. Para maisagawa ito, ang menor de edad at isang nasa edad na kamag-anak o awtorisadong opisyal na may personal na kaalaman ng abuso ay dapat lumagda ng notaryadong pahayag tungkol sa abuso.

Sa panukalang ito, magiging felony para sa doktor na may buong kaalamang lumabag sa mga nakalaan sa makabatas na abiso para sa pagbibigay ng abiso sa magulang ng menor de edad ng kanyang intensyong magpalaglag. Itinakda ng panukala ang defensa ng doktor sa paglalaglag na hindi muna magbigay ng abiso o kumuha ng pahintulot kung ang menor de edad ay humaharap sa agarang panganib ng kamatayan o permanenteng pisikal na pinsala sa pagpapatuloy nang pagbubuntis.

Ang mag doktor na naglalaglag para sa isang menor de edad ay dapat mag sumite ng mga ulat.

Binabago ng panukalang ito ang batas na ipinasa ng lehislatura noong 1997 na nasa mga libro ngunit hindi ipinapatupad dahil sa desisyon ng Korte. Ang batas ng 1997 ay kilalang “Parental Consent Act.” May mga pagbabagong ginawa ang panukalang ito sa batas ng 1997 para tukuyin ang mga pag-aalala sa desisyon ng Korte at hinahangad ang batas ay magawang, ayon sa pagbabago, maisapatupad.

Dapat bang maging batas ang inisyatibong ito?

◯ Oo ◯ Hindi

BUOD AYON SA AHENSYA NG PANG LEGISLATIBONG UGNAYAN

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, lahat ng babaeng nagpapalaglag ay dapat magbigay ng pahintulot pagkatappos naalaman malaman ang mga kaukulang impormasyon. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, maaaring magpalaglag ang menor de edad na hindi sinabihan ang magulang. Itong Batas ay magbabago ng ibang bahagi ng lumang batas na nangangailangan ang magulang ay magbigay ng pahintulot

Panukalang Batas Bilang 2

Ang paglalaglag ng menor de edad ay nangangailangan ng abiso sa o pahintulot ng magulang o tagabantay o utos ng korte na huwag nang magbigay ng abiso

sa pagpapalaglag ng menor de edad. Hindi ayon sa konstitusyon ang lumang batas. Ang batas na ito ay kinakailangan ang doktor na sabihin o subukang sabihan ang magulang nang pagpapalaglag ng menor de edad hindi kukulang sa 48 oras na pauna. Kung ang magulang ay pumayag sa pagpapalaglag, ang paglalaglag ay magagawa ng mas maaga. Ipinaliliwanag ng Batas ang detalye kung paano sasabihan ang magulang o ibang nakatatanda. Ang doktor ay haharap ng hanggang limang taon sa kulungan kung ang doktor ay buong kaalamang lumabag sa batas maliban kung mapapatunayan ng doktor na ang menor de edad ay humaharap sa seryosong panganib ng kamatayan o permanenteng kapansanan. Kung ang menor de edad ay biktima ng abuso ng magulang, maaaring maiwasang sabihan ang magulang ng pagpapalaglag ngunit kailangang kumuha ng saksi para sumulat ng pahayag tungkol sa abuso. Ang saksi ay dapat isang nakatatandang kapatid, lolo o lola, ikalawang magulang, opisyal ng pulisiya, o imbestigador ng estado. Ang menor de edad ay dapat ding magbigay ng nakasulat na pahayag ng abuso. And menor de edad ay maaari ding magharapl ng reklamo sa korte para maiwasang sabihan ang magulang tungkol sa paglalaglag. Maaaring iutos ng korte na pumayag ang menor de edad na tapusin ang kanyang pagbubuntis nang walang abiso sa magulang o pahintulot ng magulang. Kung hindi nagawa ng korteng magsagawa ng pagdinig o iutos ang pahintulot pagkaraan ng limang araw, ang doktor ay maaaring umasa sa pahintulot ng menor de edad. Ang doktor ay kailangang ireport ang paglalaglag at itabi ang ebidensya ng kriminal na abuso para gamitin ng pulis. Kung ang babae ay 18 taon gulang o mas matanda, kasal, o legal na hindi na umaasa sa iba, ang Batas ay hindi nauukol.

Pahayag ng Halaga ng Gastusin

Sa pangangailangan ng AS 15.45.090 (a)(4), ang Alaska Department of Health and Social Services ay naghanda ng sumusunod na pahayag ng halaga ng gastusin ng State sa pagpapatupad ng batas na pinanukala sa pamamagitan nitong inisyatibo sa balota.

Ang halaga ng gastusin sa pagpapatupad ng inisyatibong ito o anumang kinalabasang matitipid ay mahirap tantyahin, ngunit inaasahang maliit lang.

Maaaring mayroong matitipid sa ibang gastusin sa Programa sa Serbisyo ng Medicaid. Sa kahit anong paglalaglag na sakop sa ilalim ng federal na programa ng Medicaid, ang pagbubuntis ay dapat resulta ng gahasa o pakikiapid ng kamag-anak, o ang buhay ng ina ay nanganganib kung ipagpapatuloy ang pagbubuntis. Sa fiscal na taong 2008, huling taon para ang impormasyon ay kasalukuyang makukuha, walang naging marapat na bayaran mula sa federal na pinondohang programa ng Medicaid. Ang Korte Suprema ay nag isyu ng desisyon na nangangailangan na ang state ay dapat magbigay ng pondo para sa “pangkalusugang pangangailangang” pagpapalaglag para sa mga kababaihang mababa ang kinikita na karapatdapat sa Medicaid. Dahil ang state ay hindi kasalukuyang humihingi ng dokumentasyon ng pahintulot para sa paglalaglag, walang paraan para malaman kung sinong menor de edad na nakatala sa Medicaid ang mayroong pahintulot base sa mga umiiral na impormasyon sa mga humiling.

Nagkaroon ng utos mula sa korte para sa Departamento ng Pangkalusugan at Panlipunang Serbisyo sa Opisina ng Serbisyo para sa mga Bata (OCS) ng protektadong pagbabantay sa mga 2,000 bata at kabataan sa kahit anong araw para sa nakalipas na maraming taon. Kahit ang demograpiya ng mga batang nasa pagbabantay ay bababa nang bahagya, humigit-kumulang 51% ng nasa protektadong pagbabantay ay babae at humigit-kumulang 300 ng mga babaeng iyon ay 12 gulang ang edad o mas matanda. Sa ngayon, humigit-kumulang 20% ng mga magulang ng 300 ito ay pinawalang-bisa ng korte ang kanilang mga karapatan pagkamagulang at ang state ang nagsisilbing legal na tagapag-alaga ng mga menor de edad. Ang panlipunang gawain nang pagsuporta sa buntis na bata na nasa pagbabantay ng state, ang paghahanap at/o pakikipag-usap sa kanyang (mga) magulang at maaaring pagpunta sa pagdinig sa korte para malutas ang isyu ng pahintulot, ay babagsak sa normal na saklaw ng tungkulin ng OCS caseworker at

hindi masyadong ma-a-apektuhan ang dami ng trabaho ng ahensya.

Bagama't maaaring ipalagay na ang batas ng pahintulot ng magulang ay maaaring maging sanhi ng mas kaunting pagpapalaglag at mas maraming panganganak ng isang teenager, walang pang-statistic na patunay ng palagay. Samakatuwid, ang Opisina ng Serbisyo para sa mga Bata ay hindi nabigyan- bilang ang maaaring pagdami ng mga bagong panganak na baka maiutos na ibigay sa protektadong pagbabantay ng Departamento resulta ng kailangang pahintulot ng magulang at/o batas ng pagbibigay abiso.

BUONG PANANALITA NG PANUKALANG BATAS

NA ITO'Y MAISABATAS NG MAMAMAYAN NG STATE NG ALASKA:

*** Seksyon 1.** AS 18.16.010(a) ay binago para mabasa:

(a) Ang paglalaglag ay hindi maaaring gawin sa state na ito maliban kung

(1) ang paglalaglag ay ginawa ng manggagamot ng lisensyado ng State Medical Board sa ilalim ng AS 08.64.200;

(2) ang paglalaglag ay ginawa sa ospital o ibang facilidad aprobado para sa ganitong layunin ng Departmento ng Health at Social Services o ospital na ang namamalakad ay ang federal na gobyerno o ahensya ng federal na gobyerno;

(3) bago gawin ang paglalaglag nang may buong kaalaman o ipilit ang panganganak sa **isang buntis**, hindi kasal, babaeng nasa ilalim ng pangangalaga ng kanyang magulang wala pang 18 taon ang edad, **abiso o** pahintulot **ay** ibinigay ayon sa pangangailangan sa ilalim ng AS 18.16.020 o nagbigay ng pahintulot ang korte sa menor de edad na magpatuloy sa pagpapalaglag **na walang pakialam ang magulang** sa ilalim ng AS 18.16.030 at pumayag ang menor de edad; para sa layuning pagpapatupad ng talatang ito, maaaring pasinungalingan ang palagay na ang babaeng hindi kasal at hindi pa 18 taong gulang ang edad ay nasa ilalim ng pangangalaga ng kanyang magulang;

(4) ang babae ay nakatira o pisikal na nasa state 30 araw bago ang paglalaglag; at

(5) mga naaangkop na pangangailangan ng AS 18.16.060 ay napunuan na.

*** Sa Pamamagitan ng Utos Bilang 70 ng Korte Suprema ng Alaska, pinetsahan Hunyo 2, 2010, ang sumusunod na mga subseksyon ng umiiral na batas ay tinakda dito:**

Isinasaad sa AS 18.16.010(c) na:

(c) Ang taong buong kaalaman na lumalabag sa prohibisyon ng seksyon na ito, kapag nahatulan, ay may kaparusahan na multa na hindi hihigit sa $1,000, o pagkakulong hindi hihigit sa limang taon, o parehong multa at kulong.

Isinasaad sa AS 18.16.010(e) na:

(e) Ang taong nagsasagawa ng paglalaglag o nagpipilit ng panganganak na labag sa (a)(3) ng seksyon na ito ay may pananagutang sibil sa buntis na menor de edad at sa magulang ng menor de edad, tagabantay, o tagapangasiwa para sa nauukol na bayad at pampahirap na danyos.

*** Seksyon 2.** AS 18.16.010(g) ay binago para mabasa:

(g) Maaaring [AFIRMATIVO] defensa ng taga-sakdal o habol sa paglabag ng (a)(3) seksyon na ito na, **sa pang-klinikal na paghuhusga ng manggagamot o taga-operang doktor,** ang pagtupad sa pangangailangan ng (a)(3) sa seksyon ito ay hindi posible dahil, **sa pang-klinikal na paghuhusga ng manggagamot o taga-operang doktor,** ang kaagad na banta nang panganib sa buhay o sa pisikal na kalusugan ng buntis na menor de edad sa pagpapatuloy ng pagbubuntis ay naglikha na pang-medikal na emergency na nangangailangan na kaagad na gawin ang paglalaglag o pagpilit sa panganganak. Sa sub seksyong ito,

(1) "pang-klinikal na paghuhusga" ibig sabihin ay pansariling profesyonal na pang-

medikal na paghuhusga ng manggagamot o taga-operang doktor na isinagawa ng buong katapatan at tiwala, at taos-puso;

(2) "defensa" ang ibig sabihing binigay sa AS 11.81.900(b);

(3) "pang-medikal na emergency" ang ibig sabihin ay kalagayan na, base sa manggagamot o taga-operang doktor na buong katapatan at tiwala, at taos-pusong pang-klinikal na paghuhusga, ay pinalala ang pang-medikal na kalagayan ng buntis na menor de edad

(A) [(1)] ang agarang paglalaglag ng pagbubuntis ng menor de edad ay kailangan para maiwasan ang pagkamatay ng menor de edad; o

(B) [(2)] ang antala sa paglalaglag ay lilikha nang malubhang panganib nang **hindi matatag na kalusugan sanhi nang** may kalakihan at hindi puedeng baligtarin o ibalik na pinsala sa mahalagang bahagi ng katawan ng buntis na menor de edad.

*** Sa Pamamatitan ng Utos Bilang 70 ng Korte Suprema ng Alaska, pinetsahan Hunyo 2, 2010, ang sumusunod na seksyon ng umiiral na batas (pinagtibay na hindi maka-konstitusyunal sa *State v. Planned Parenthood ng Alaska,* 171 P.3d 577 (Alaska 2007)) ay itinakda dito:**

§ 18.16.020. Kailangan ng pahintulot bago ang paglalaglag ng menor de edad

Sino man ay hindi maaaring buong kaalamang maglaglag o magpilit ng panganganak sa isang menor de edad na alam ng taong ito na buntis, hindi kasal, bata ba sa 17 ang edad, at nasa ilalim pa nang pangangalaga ng kanyang magulang maliban, kung bago ang paglalaglag, isa manlang sa sumusunod ay naaayon:

(1) isa sa magulang ng menor de edad o tagabantay ng menor de edad o tagapangasiwa ay pumayag sa sulat sa pagsasagawa ng paglalaglag o pagpilit ng panganganak;

(2) nagutos ang korte sa ilalim ng AS 18.16.030 na pinapayagan ang menor de edad na pumayag sa pagpapalaglag ng walang pahintulot ng magulang, tagabantay, o tagapangasiwa, at ang menor de edad ay pumayag sa pagpapalaglag; o

(3) ang korte, sa kanyang hindi pagkilos sa ilalim ng AS 18.16.030, batay sa interpretasyon ay pinahintulutan ang menor de edad na pumayag sa pagpapalaglag na walang abiso o pahintulot ng magulang, tagapagalaga o tagapangasiwa, at ang menor de edad ay pumayag sa pagpapalaglag.

*** Seksyon 3.** AS 18.16.020 ay pinagpawalang-bisa at isinabatas muli para mabasa:

Seksyon 18.16.020. Abiso o pahintulot kailangan bago ang paglalaglag ng menor de edad. (a) Ang tao ay hindi maaaring buong kaalamang maglaglag o magpilit ng panganganak sa menor de edad na alam ng taong iyon na buntis, hindi kasal, hindi pa [17] **18** taon ang edad, at nasa ilalim ng pangangalaga ng kanyang magulang maliban kung, bago ang paglalaglag, isa sa mga sumusunod ay nauukol:

1) (A) isa sa magulang ng menor de edad, ang legal na tagapagbantay ng menor de edad, o ang tagapangasiwa ng menor de edad ay nabigyan ng abiso ng planong pagpapalaglag hindi kukulang sa 48 oras bago ang paglalaglag ay gawin, o (B) ang magulang, legal na tagapagbantay, tagapangasiwa ay nagbigay ng nakasulat na pahintulot ng pagpapalaglag o pagpipilit ng panganganak – kung ang magulang ay pumayag sa pagpapalaglag ang 48 oras na panahon ng paghihintay na tinukoy sa sub seksyon (A) sa itaas ay hindi ukol;

(2) ang korte ay nag-isyu ng utos sa ilalim ng AS 18.16.030 pinahihintulutan ang menor de edad na pumayag sa pagpapalaglag na walang abiso o pahintulot ng magulang, tagabantay, o tagapangasiwa, at ang menor de edad ay pumayag sa pagpapalaglag; o

(3) ang korte, sa kanyang hindi pagkilos sa ilalim ng AS 18.16.030, batay sa interpretasyon ay pinahintulutan ang menor de edad na pumayag sa pagpapalaglag na walang abiso o pahintulot ng magulang, tagapagalaga o tagapangasiwa, at ang menor de edad ay pumayag sa pagpapalaglag, o

(4) ang menor de edad ay biktima ng pisikal na abuso, sekswal na abuso, o parisan ng emosyonal na abuso isinagawa sa kanya ng isa o parehong magulang ng menor de edad o ng legal ng tagabantay o tagapangasiwa ng menor de edad at ang abuso ay dokumentado ng deklarasyon ng abuso sa isang pirmado at notaryadong pahayag ng

(A) menor de edad; at

(B) isang taong personal na may kaalaman ng abuso na

(i) kapatid ng menor de edad na 21 taong gulang o mas matanda pa;

(ii) opisyal na nagpapatupad ng batas;

(iii) kinatawan ng of the Departmento ng Health at Social Services na nag-imbestiga ng abuso;

(iv) lola o lolo ng menor de edad; o

(v) ikalawang magulang ng menor de edad.

(b) Sa (a)(1) ng seksyong ito, actwal na abiso ay dapat maibigay o inatemptong personal na ibinigay o sa telepono ng manggagamot na nagmungkahi sa menor de edad ng pagpapalaglag o ng manggagamot na maglalaglag. Ang indibidwal na inatasan ng manggagamot ang maaaring magpanimula ng pag-a-abiso, ngunit ang actwal na abiso ay dapat ibigay ng manggagamot. Ang manggagamot na nagbibigay ng abiso ng paglalaglag ay dapat idokumento ang abiso o atempto na magbigay abiso sa medikal rekord ng menor de edad at gumawa ng mga makatwirang hakbang para siguraduhin na ang taong binibigyan ng abiso ay ang magulang, legal na tagabantay, o tagapangasiwa ng menor de edad na magpapalaglag. Kasali sa mga makatwirang paraan ng pagbibigay ng abiso

(1) kung personal, kailangang hingan ng pang-gobyernong-isyung ID kasama ng karagdagang dokumentasyon ng relasyon ng tao sa menor de edad; kasama sa karagdagang dokumentasyon ay sertipikayt ng kapanganakan o utos mula sa korte ng pag-aampon, pagiging tagabantay, o pagiging tagapangasiwa;

(2) kung sa telepono, pagtawag, pag-atemptong siguraduhin at repasuhin sa inilathalang direktoryo ng telepono na ang numerong i-da-dayal ay sa magulang ng menor de edad, legal na tagabantay, o tagapangasiwa, at nagtatanong tungkol sa tao ng pagpapatunay na ang relasyon ng taong iyon sa menor de edad ay magulang, legal na tagabantay, o tagapangasiwa; kapag ang abiso ay in-na-tempto sa telepono ngunit ang manggagamot o inatasan ng manggagamot ay hindi tagumpay na makausap ang magulang, legal na tagabantay, o tagapangasiwa, ang inatasan ng manggagamot ay patuloy ng tatawag, padagdag-dagdag hindi kukulang ng dalawa-dalawang oras, hindi baba sa limang tangka nang pagtawag, sa loob ng 24-oras na panahon.

(c) Kung ang actwal na abiso ay hindi tagumpay na in-na-tempto pagkatapos magsagawa ng mga makatwirang hakbang na inilarawan sa ilalim ng (b) ng seksyon na ito, ang nagmungkahing manggagamot o manggagamot na maglalaglag sa dinadala ng menor de edad ay maaaring magbigay ng abisong batay sa interpretasyon ng pagpapahintulot sa magulang ng menor de edad, legal na tagabantay, o tagapangasiwa. Ang abisong batay sa interpretasyon ng pagpapahintulot ay isinaalang-alang na ibinigay 48 oras pagkatappos naipadala ang sa mail na sertipikado. Sa sub seksyon na ito " abiso batay sa interpretasyon ng pagpapahintulot" ang ibig sabihin ay ang abiso ng pagpapalaglag ay nakasulat at ipinadala sa mail na sertipikado, ang paghahatid ay tanging para lamang sa kung kanino naka-pangalan ang ipinadala, sa pinaka-huling pinag-alamang address ng magulang, legal na tagabantay, o tagapangasiwa pagkatapos gumawa ng mga makatwirang hakbang sa pagsisigurado ng mailing address.

(d) Ang manggagamot na naghinala o nakatanggap ng ulat ng abuso sa ilalim ng seksyong ito ay iuulat ang abuso ayon sa nakahayag sa ilalim ng AS 47.17.020.

(e) Ang manggagamot na nabigyang kaalaman na ang pagbubuntis ng menor de edad ay resulta ng panggagahasa ng menor de edad ay magpapanatili, at gagawa ng mga makatwirang hakbang para

i-preserba, ang producto ng paglilihi at ebidensya pagkatapos ng paglalaglag para gamitin ng mga opisyal na nagpapatupad ng batas sa pagsasakdal ng krimen.

*** Seksyon 4.** AS 18.16.030(a) ay binago para mabasa:

(a) Ang babaeng buntis, hindi kasal, hindi pa 18 walong taon ang edad, at nasa ilalim ng pangangalaga ng magulang na nais magpalaglag na walang **abiso sa o** pahintulot ng magulang, tagabantay, tagapangasiwa ay maaaring mag-fayl ng reklamo sa korte superior humihiling nang pag-isyu ng utos na pinahihintulutan ang menor de edad na pumayag sa paglalaglag o pagpipilit ng panganganak na walang **abiso sa o** pahintulot ng magulang, tagabantay, o tagapangasiwa.

*** Seksyon 5.** AS 18.16.030(b) ay binago para mabasa:

(b) Ang reklamo ay dapat isagawa ng ilalim ng panunumpa at kailangang kasama lahat ng mga sumusunod:

(1) pahayag na ang nagreklamo ay buntis;

(2) pahayag na ang nagreklamo ay hindi kasal, hindi pa 18 taon ang edad at nasa ilalim ng pangangalaga ng magulang;

(3) pahayag na ang nagreklamo ay gustong magpalaglag na walang **abiso sa o** pahintulot ng magulang, tagabantay, tagapangasiwa;

(4) ang bintang ng isa o pareho sa sumusunod:

(A) na ang nagreklamo ay sapat ang kaisapan at buong husay na binigyan ng informasyon para magbigay ng matalinong desisyon kung siya ay magpapalaglag na walang **abiso sa o** pahintulot ng magulang, tagabantay, tagapangasiwa; o

(B) na isa o parehong magulang ng menor de edad o tagabantay o tagapangasiwa ng menor de edad ay kasali sa pisikal na pang-a-abuso, pang-a-abusong sekswal, o may pamarisan ng emosyonal na abusong ginawa sa menor de edad, o ang pahintulot ng magulang, tagabantay, tagapangasiwa o kung hindi man ay hindi para sa kabutihan ng menor de edad;

(5) pahayag na kung ang nagreklamo ay kumuha ng abogado at, kung ang abogado ay kinuha, ang pangalan, address, at bilang ng teleppono ng abogado.

*** Seksyon 6.** AS 18.16.030(c) ay binago para mabasa:

(c) ang korte ay magtatalaga ng oras para sa pagdinig sa kahit anong reklamong isinampa sa ilalim ng (a) ng seksyong ito at magtatabi ng rekord ng lahat ng testimonya at iba pang paglilitis sa aksyon. Ang pagdinig ay isasagawa sa pinaka-maagang posibleng oras, ngunit hindi lalampas ng ikalimang araw ng bisnes pagkatapos ang reklamo ay isinampa. Ang korte ay kaagad magbibigay ng hatol sa reklamo pagkaraan matapos ang pagdinig. Kung ang pagdinig na kailangan nitong sub seksyon ay hindi isinagawa sa ikalimang araw ng bisnes pagkatapos na ang reklamo ay isinampa, ang hindi pagkakaroon ng pagdinig ay ituturing na utos ng korte batay sa interpretasyon ng pagpapahintulot na-awtorihasan ang nagreklamo na pumayag sa pagpapalaglag o pagpipilit sa panganganak na walang **abiso sa o** pahintulot ng magulang, tagabantay, tagapangasiwa, at ang nagreklamo at kahit sino mang tao ay maaaring umasa na ang utos na batay sa interpretasyon ng pagpapahintulot ay pareho ang lawak kung ang korte ay talagang nag isyu ng utos sa ilalim nitong seksyon na nagpapahintulot sa nagreklamo na pumayag sa pagpapalaglag o pagpipilit ng panganganak na wala yaong pahintulot.

*** Seksyon 7.** AS 18.16.030(j) ay binago para mabasa:

(j) Kung ang nagreklamo ay nag-fayl ng abiso ng apila awtorisado sa ilalim ng seksyon na ito, ang korte superior ay magdadala ng kopya ng abiso ng apila at rekord sa apila sa korte suprema sa loob ng apat na araw pagkatapos ang abiso ng apila ay na-i-fayl. Pagkatanggap ng abiso at rekord, ang klerk ng korte suprema ay ilalagay ang apila sa docket. Ang umapila ay mag-fa-fayl ng nasa papel na argumento sa loob ng apat na araw pagkatapos ang apila ay nailista sa docket. Maliban kung ang umapila ay pina-walang bahala ang kanyang karapatan sa argumentong pananalita, ang korte suprema ay didinigin ang argumentong pananalita sa loob ng limang araw pagkaraan ang apila ay nailista sa docket. Ang korte suprema ay magpapasok kaagad ng hatol sa apila pagkaraan ng argumentong pananalita o kung ang argumentong pananalita ay pina-walang bahala, sa loob ng limang araw pagkaraan ang apila ay nailista sa docket. Sa aplikasyon ng umapila na

magbigay ng utos ang korte at sa magandang dahilan na naipakita, ang korte suprema ay maaaring paikliin o pahabain ang pinakamahabang oras na itinakda dito sa sub seksyon. Gayon man, sa anumang kaso, kung ang hatol ay hindi naipasok sa loob ng limang araw pagkatapos ang apila ay nailista sa docket, ang hindi pagpasok ng hatol ay ituturing na utos ng korte batay sa interpretasyon ng pagpapahintulot na ina-awtorisahan ang umapila na pumayag sa pagpapalaglag o pagpipilit nang panganganak na walang **abiso sa o** pahintulot ng magulang, tagabantay, o tagapangasiwa, at ang umapila at kahit sinong ibang tao ay maaaring umasa sa utos batay sa interpretasyon ng pagpapahintulot sa kaparehong lawak kung ang korte ay talagang nagpasok ng hatol sa ilalim nitong sub seksyon na nagpapahintulot sa umapila na pumayag sa pagpapalaglag o pagpipilit ng panganganak na walang **abiso sa o** ang pahintulot ng isa pang tao. Sa benepisyo ng hustisya, ang korte suprema, sa apila sa ilalim nitong sub seksyon, ay malayang babaguhin o magbibigay ng formal na pangangailangan na normal na nauukol sa nilalaman at forma ng argumento ng umapila.

*** Seksyon 8.** AS 18.16.030(n) ay binago para mabasa:

(n) Mga blankong koypa ng mga forma ang itinalaga sa ilalim (1) ng sekyson na ito at ang informasyon sa tamang pamamaraan sa pag-fa-fayl ng reklamo o apila ay maaaring makuha ayon sa sistema ng korte sa opisyal na lugar ng bawat korte superior, korteng pang-distrito, at korte ng mahistrado. Ang informasyong kailangan sa ilalim nitong sub seksyon ay kailangan ding kasama ang pag-a-abiso sa menor de edad

(1) walang kailangang bayad sa pag-fa-fayl sa kahit na anong forma;

(2) walang gastos ng korte ang ipapataw sa menor de edad sa mga paglilitis sa ilalim nitong seksyon;

(3) a-atasan ng abogado para kumatawan sa menor de edad kung ang menor de edad ay hindi kumuha ng abogado;

(4) maaring humiling ang menor de edad sa korte superior na may angkop na kapangyarihan na magsagawa ng pang-teleponong pagdinig sa reklamo nang sa gayon ang menor de edad ay hindi na kailangang personal na dumalo;

(5) maaaring hilingin na ang korte superior na may angkop na kapangyarihan na mag-isyu ng utos na direktahan ang eskwela ng menor de edad na payagayan siyang hindi pumasok sa eskwela para makadalo sa mga pagdinig sa korte na ginagawa sa ilalim ng seksyon na ito at para makapagpalaglag kung awtorisado ng korte at direktahan ang eskwela na huwag sabihan ang magulang ng menor de edad, legal na tagabantay, o tagapangasiwa na ang menor de edad ay buntis, magpapalaglag, o hindi pumasok para sa layuning makapagpalaglag.

*** Seksyon 9.** AS 18.16 ay binago sa pagdadag ng bagong seksyon na mababasa:

Sec. 18.16.040. Mga Ulat. Sa bawat buwan na ang paglalaglag ay ginawa sa isang menor de edad ng isang manggagamot, ang manggagamot ay mag fa-fayl ng ulat sa Departamento ng Health at Social Services na nagsasaad ng dami ng paglalaglag na ginawa sa isang menor de edad para sa buwang iyon, gulang ng bawat menor de edad, dami ng nagdaan na paglalaglag na ginawa sa isang menor de edad, kung mayroon, at dami ng pagbubuntis ng bawat menor de edad, kung mayroon, at ang dami ng pahintulot na ibinigay sa ilalim ng bawat isa sa mga isina-fuerang inilista sa ilalim ng AS 18.16.020(a)(1) - (4). Ang ulat na i-finayl sa ilalim nitong seksyon ay maaaring hindi kasama ang informasyon ng pagkakilanlan ng menor de edad maliban sa gulang ng menor de edad.

Panukalang Batas Bilang 2

Ang paglalaglag ng menor de edad ay nangangailangan ng abiso sa o pahintulot ng magulang o tagabantay o utos ng korte na huwag nang magbigay ng abiso

PAHAYAG NG PAGSUPORTA

Itong panuklang ito ay may simpleng tanong: may karapatan ba ang magulang na makabilang kung ang kanilang menor de edad na anak na babae ay nag-iisip magpalaglag? Binabale-wala natin na ang magulang ay kailangang magbigay ng pahintulot, o ma-abisuhan man lamang, bago ang kanilang anak ay makakuha ng aspirin sa eskwela, magpa-butas ng tainga, magpa-tattoo, pumunta sa R-rated na pelicula, o makasama sa field trip.

Ngunit sa Alaska ngayon, ang isang doktor ay maaaring magsagawa ng paglalaglag ng dinadala ng menor de edad na babae na hindi sinasabihan ang magulang ng bata.

36 ibang state ay may batas na kinakailangan na ang magulang ay magbigay ng pahintulot o makatanggap ng paunang abiso bago ang paglalaglag ay isagawa sa kanilang anak. Ang mga batas na ito ay naisulong ang kalusugan at kagalingan ng mga menor de edad, at naprotektahan ang pang-konstitusyunal na karapatan ng magulang na mapangalagaan ang kanilang mga anak. Ang mga magulang ang karaniwang may higit na kaalaman ng tungkol sa kasaysayan ng kalusugan ng kanilang anak (halimbawa, allergy sa gamot, nagdaang pagkakasakit, mga operasyon). Tinitiyak ng batas ng pagkabilang ng magulang na magkaroon ng pagkakataon ang magulang na mailahad ang kasaysayan ng kalusugan ng kanilang babaeng anak sa kanilang anak at kanyang doktor.

Ang panukalang batas ay naglalaman ng mga kataliwasan para sa mga bihirang pagkakataon na ang pag-a-abiso sa magulang ay maaaring hindi para sa kabutihan ng menor de edad – halimbawa, kung ang kabataan ay galing sa tahanang may abuso. Mayroong "utos ng judge" na paraan na nagpapahintulot sa mga hukom na ibale-wala ang pangangailangan ng abiso sa magulang batay sa iba't-ibang sitwasyon. Sa kasong abuso, ang menor de edad ay maaaring kasama ng isa pang tao na may kaalaman ng abuso na lumagda ng affidavit, na magba-bale-wala ng pangangailangan ng abiso sa magulang.

Ang mga kalaban ng panukalang pagbibigay ng abiso sa magulang ay nagmamatuwid na ito ay "utos ng pamahalaan." Ngunit lahat ng batas ay utos ng pamahalaan, mula sa sa limita ng bilis ng pagpapatakbo sa highway, hanggang sa batas na nagsasabing ikapit ng mabuti ang sanggol sa car seat kung naglalakbay sa daan. Ang talagang kailangan na tanong ay kung ang batas ay isinusulong ang kabutihang hangarin. Ang batas ng pagkabilang ng magulang ay pinu-protektahan ang karapatan ng magulang, at bantayan ang kaligtasan ng kalusugan ng kanilang mga anak. Ang rekord galing sa 36 state ay malinaw: ang mga batas nang pagkabilang ng magulang ay epektibo.

Sa kahulihan, tanungin ang iyong sarili – sino ang iyong pagtitiwalaang magbigay ng pang-medikal na desisyon para sa iyong anak: ikaw, o ang doktor na naglalaglag na mangyaring kumikita sa paglalaglag? Ang mga kalaban ng panukalang ito ay ipapaniwala sa iyo na ang mga tauhan ng klinika ng naglalaglag ay maski paano mas nakakaalam kaysa sa magulang para matulungan ang kabataang babae na mag-desisyon na malamang na may mga consequensyang makapagbabago sa buhay. Hindi kami sang-ayon.

Ang mga batas ng pagkabilang ng magulang ay suportado ng nakararaming Amerikano, kahit ano ang kanilang paninindigan sa paglalaglag. Ang Korte Suprema ng U.S. ay patuloy na pinaninindigan ang mga batas ng pagkabilang ng magulang. Kahit ang yumaong si Justice Harry Blackmaun, na may-akda ng Roe v. Wade, ay nakitang ang mga batas na ito ay konstitusyunal hangga't isinasali ang utos ng hukom na pamamaraan, na mayroon ang panukalang ito.

Ang pagboto ng OO ay maproprotektahan ang kalusugan ng kabataan at mapanindigan ang karapatan ng magulang na direktahan ang pagpapalaki ng kanilang mga anak.

Mia Costello, Initiative Committee Member

Cherie M. Solie

Donald Olson

Ang pahayag na nakasulat sa pahinang ito ay opinyon ng may (mga) akda at inilahad ayon sa sinumite ng Division ng Eleksyon.

Panukalang Batas Bilang 2

Ang paglalaglag ng menor de edad ay nangangailangan ng abiso sa o pahintulot ng magulang o tagabantay o utos ng korte na huwag nang magbigay ng abiso

PAHAYAG NG PAGSALUNGAT

Ang mga doktor, nars, magulang, guro, mga counselor sa paaralan, mga myembro ng unyon, mga ministro, ang YWCA at Planned Parenthood ay inudyuk kayong lahat na BUMOTO ng Hindi sa mapanganib na bagong utos ng pamahalaan.

Walang batas ang makapag-uutos ng komunikasyon sa pamilya at ang batas na ito ay inilalagay ang kalusugan at kaligtasan ng ating pinaka walang-laban na kabataan sa panganib.

Ang pagkakailangan ng bagong pagmamagitan ng pamahalaan sa pinaka privadong kapakanan ng mga pamilya ng Alaska ay hindi ang sagot. Kaya maraming mga botante ang sumali sa Alaskans Against Government Mandates.

Siempre, ang mga magulang ay may karapatang gustong makabilang sa buhay ng kanilang kabataang babaeng anak Ang magandang balita ay, sa Alaska, ang nakararaming kabataan ay isinasali ang kanilang magulang o ibang pinagtitiwalaang nakatatanda kung sila ay humaharap sa hindi sinasadyang pagbubuntis. Ngunit **ang magandang usapang pampamilya ay hindi dapat i-utos at ipuersa sa atin ng pamahalaan.**

Ang mga ganitong batas ay **inilalagay ang mga pampamahalaang byuratiko at mga karapatan ng korte sa gitna ng pagde-desisyon ng pamilya.** Hindi natin kailangan ang ganitong klaseng byurokrasya. Hindi natin kailangan ang bagong utos ng pamahalaan na nang-hi-himasok sa ating personal na buhay.

At hindi lahat ng kabataan sa Alaska – o kahit saan man – ay nakatira sa tahanan na ang komunikasyon ay posible. Pag-isipan ito. Maaaring hindi siya nakatira kasama ng kanyang mga magulang, maaaring may mga problema sa bawal na gamot, abuso, o mas malubha sa pamilya. Takot, buntis na kabataan, na walang ibang pupuntahan, madalas gumagawa ng mga mapanganib na bagay.

At, ang mga kabataang ito ay hindi malalakbay ang mahirap at nakakatakot na "court bypass" na pakana. **Hindi nila kailangan ng hukom, kailangan nila nang pagpapayo at mabuting pang-medikal na pangangalaga nang walang antala.** Ang mga kabataan sa gitna ng ating taglamig, nakatirang milya ang layo sa korte, ang iba hindi pa kasama ang magulang ay hindi makikipag-usap ng tungkol sa pinaka-personal na bahagi ng kanilang buhay *sa telepono sa hukom daang milya ang kalayuan, o makapagbiyahe balikan sa korte*. Itong mga kabataang ito, at mga ibang katulad nila, na isasa-alang-alang ang mga bagay sa kanilang sariling kamay, tumingin sa internet…o mas masahol.

Hindi ang mga utos at pamahalaan ang solusyon – at hindi ang panukalang ito ang sagot. Ngunit alam natin kung ano ang epektibo at alam natin na mayroong tunay na mga solusyon.

Ang tunay na sagot sa kabataang pagbubuntis ay edukasyon at pagpigil kasali ang abstinensya at matatag na nagmamalasakit na pamilya, hindi mga bagong batas na inilalagay ang ating mga kabataan sa panganib. Pagka-abot ng mga pagpipigil sa pagbubuntis at pagkausap sa ating mga babaeng anak *matagal pa bago sila humarap sa hindi inaasahang pagbubuntis* ang sagot. Makakatulong itong mabawasan ang kabataang pagbubuntis, hindi bagong mga utos katulad nito. Kaya nga marami ang **NAG-UUDYOK SA INYO NA BUMOTO NG HINDI.**

Hindi ito tungkol sa aspirin. Hindi ito tungkol sa mga field trips. **Ito ay tungkol sa inisyatibong maglalagay ng pampamahalaang karapatan sa gitna ng mga pamilya sa Alaska sa seryoso at may kahirapang mga oras.**

At inilalagay nito ang kalusugan at kaligtasan ng mga kabataan sa panganib, sino, kung sa anumang malungkot at mapanganib na dahilan, ay hindi puedeng makipagusap sa kanilang magulang – **dahil walang batas ang makapag-uutos noon!**

Bale-wala kung ilan mang batas ang maipasa. Walang batas ang makapag-uutos ng komunikasyon ng pamilya. Hindi kailangan ng mga Alaskan ang karagdagang pamahalaan sa ating buhay.

Sumali sa amin. BUMOTO ng HINDI. Protektahan and kabataan at hayaan ang pamahalaan sa labas ng ating buhay.

Clover Simon, MSW Planned Parenthood

Janice Weiss, Executive Director YWCA

LaVerne Demientieff, Board Chair NASW Alaska

Ang pahayag na nakasulat sa pahinang ito ay opinyon ng may (mga) akda at inilahad ayon sa sinumite ng Division ng Eleksyon.

STATE OF ALASKA
Division of Elections
P.O. Box 110017
Juneau, Alaska 99811-0017

NON-PROFIT ORGANIZATION
US POSTAGE PAID
ALASKA
DIVISION OF ELECTIONS

TO LOCATE YOUR POLLING PLACE CALL: 1-888-383-8683
In Anchorage (907) 269-8683

REGIONAL ELECTIONS OFFICES

Region I Elections Office
(House Districts 1-5, 33-36)
P.O. Box 110018
Juneau, Alaska 99811-0018
Phone: (907) 465-3021
1-866-948-8683

Region III Elections Office
(House Districts 6-12)
675 7th Avenue, Suite H-3
Fairbanks, Alaska 99701-4594
Phone: (907) 451-2835
1-866-959-8683

Region IV Elections Office
(House Districts 37-40)
P.O. Box 577
Nome, Alaska 99762-0577
Phone: (907) 443-5285
1-866-953-8683

Region II Elections Office
(House Districts 13-32)
Anchorage Office
2525 Gambell Street, Suite 100
Anchorage, Alaska 99503-2838
Phone: (907) 522-8683
1-866-958-8683

Matanuska-Susitna Elections Office
1700 E. Bogard Road, Suite B102
Wasilla, Alaska 99654
Phone: (907) 373-8952